WALK
THE
TALK

# Bigkasin ang Salita

WEEK 3

## WARM-UP

- Mag-isip ng isang pagkakataong may nakasalamuha kang sikat o kilalang tao. Ano ang naramdaman mo at paano ka nakipag-usap sa kanya?
- Tuwing may nangyayaring mahalaga o nakakabalisa sa iyo, sino ang taong gusto mong makausap o tawagan agad? Bakit?
- Ano ang pinakamagaling na payong naibigay mo sa isang kaibigan? Paano tumugon ang kaibigan mo sa iyo?

## WORD

*43 Tulungan n'yo akong masabi ang katotohanan sa lahat ng pagkakataon, dahil ang pag-asa ko ay nakasalalay sa inyong mga kautusan. . . . 46 Hindi ko ikakahiyang sabihin ang inyong mga turo sa harapan ng mga hari. . .*
**SALMO 119:43, 46**

(Basahin din ang **SALMO 119:41–42, 44–45, 47–48.**)

Ang salita ng Diyos ay hindi lang dapat isipin, basahin, o intindihin. Dapat itong bigkasin at pakinggan—na makakabuti sa atin bilang isang indibidwal at bilang isang kalahatan. Makapangyarihan ang salita ng Diyos kapag ito ay ipinangangaral, ipinapahayag, at ibinibigay bilang isang propesiya. Dapat tayong magpatotoo sa iba tungkol sa gawain at katapatan ng Diyos. Sa araling ito, titingnan natin kung paano nakita at binigkas ng may-akda ng Salmo ang salita ng Diyos—bilang pinagmumulan ng pag-asa, katotohanan, at katapangan.

## 1 Ang salita ng Diyos ang sagot natin sa mga pagsubok at katanungang kinakaharap natin.

*[41]PANGINOON, ipakita n'yo ang inyong pag-ibig at pagliligtas sa akin, ayon sa inyong pangako. [42]Pagkatapos sasagutin ko ang mga kumukutya sa akin, dahil ako'y nagtitiwala sa inyong mga salita.* **SALMO 119:41–42**

Bawat mahirap na sitwasyon ay isang pagkakataon para tayo ay manampalataya at maipahayag natin ang salita ng Diyos. May kasagutan ang may-akda ng Salmo tungkol sa kinakaharap niya sa pamamagitan ng salita ng Diyos. Mahahanap natin sa salita ng Diyos ang kasagutan sa bawat pagsubok at tanong na kakaharapin natin. Paano mo nalalamang nagtitiwala ka sa isang bagay? Paano nakikita ang pagtitiwala sa salita ng Diyos?

## 2 Sa pamamagitan ng salita ng Diyos, masasabi natin ang katotohanan.

*[43]Tulungan n'yo akong masabi ang katotohanan sa lahat ng pagkakataon, dahil ang pag-asa ko ay nakasalalay sa inyong mga kautusan. [44]Lagi kong susundin ang inyong kautusan habang ako'y nabubuhay. [45]Mamumuhay akong may kalayaan, dahil pinagsisikapan kong sundin ang inyong mga tuntunin.*
**SALMO 119:43–45**

Alam ng may-akda ng Salmo ang kabutihan ng pagbigkas ng salita ng Diyos—ang katotohanan nito ay nagbibigay sa atin ng pag-asa, nagpapanatili sa atin, at nagpapahintulot sa ating mamuhay nang may kalayaan at katiyakan. Dahil alam nating hindi tayo bibiguin ng Kanyang salita, may lakas tayo ng loob na manindigan at bigkasin ang katotohanan ng Diyos. Sa Bagong Tipan, paano tinugunan at pinagtagumpayan ni Jesus ang mga kasinungalingan ng kaaway (Mateo 4:4)?

## 3 Binibigkas natin ang salita ng Diyos kahit sa mga hari, at hindi tayo mapapahiya.

*[46]Hindi ko ikakahiyang sabihin ang inyong mga turo sa harapan ng mga hari. [47]Nagagalak akong sundin ang inyong mga utos na aking minamahal. [48]Iginagalang ko ang inyong mga utos na aking minamahal, at pinagbubulay-bulayan ko ang inyong mga tuntunin.* **SALMO 119:46–48**

Malaki ang halaga ng salita ng Diyos at hindi ito dapat ikahiya. Kapag binibigkas natin ang Kanyang salita sa iba—maging sa mga hari at sa mga may awtoridad—hindi tayo mapapahiya. Sa ating sarili, maaari maramdaman natin na hindi tayo karapat-dapat o wala tayong kakayahan. Ngunit kay Cristo, hindi tayo matatakot o mahihiyang ipangaral ang ebanghelyo dahil sa ginawa ni Cristo sa krus. Paano inilalarawan ng Mga Hebreo 4:12 ang salita ng Diyos? Paano ito gumagana?

Ang ating pananalita ay dapat na puno ng salita ng Diyos. Habang tayo'y nag-aaral at nagbubulay-bulay sa salita ng Diyos, nawa'y magkaroon din tayo ng kakayahang ipahayag ang Kanyang katotohanan sa mga taong nakapaligid sa atin.

## APPLICATION

- Maglaan ng panahon ngayong linggo na suriin ang mga salitang binibigkas mo. Saan ito nakaayon? Paano ka patuloy na lalago sa pagbigkas ng salita?
- Kabisaduhin ang Salmo 119:46–47: *Hindi ko ikakahiyang sabihin ang inyong mga turo sa harapan ng mga hari*. *Nagagalak akong sundin ang inyong mga utos na aking minamahal.* Bigkasin ito nang paulit-ulit at gawin itong panalangin mo ngayong linggo.
- Sa palagay mo, kanino mo dapat bigkasin o ibahagi ang salita ng Diyos ngayong linggo? Ano ang iyong mensahe at batayan ng iyong katiyakan?

## PRAYER

- Ipanalangin ang Salmo 119:41–42. Ibigay sa Diyos ang iyong mga pagsubok at katanungan at humingi sa Kanya ng karunungan at kaalaman sa pamamagitan ng Kanyang salita.
- Ipanalangin na ang salita ng Diyos ay maipangaral, maipahayag, at maibigay bilang propesiya sa pamamagitan mo at ng iyong iglesya para sa pamilya, komunidad, at bansa mo.
- Humingi sa Diyos ng mga pagkakataong maipahayag ang Kanyang salita sa mga hari at kilalang taong may awtoridad. Manalig na ibibigay sa iyo ng Diyos ang mga salitang dapat mong sabihin.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr.

victory.org.ph